



# CHECKLIST SA KAGANAPAN NG EMERHENSIYA



**Maghanda sa pag-aalaga sa iyong sarili at iyong mga kasama mo para sa tagal na kahit man lamang tatlong araw.**

**Gumawa ng pang-emerhensiya na kit (kagamitan) para sa hindi bababa sa tatlong araw ng mga mahahalagang bagay (pito hanggang sampung araw ay mainam) para sa pamilya at mga alagang hayop. Ang mga kit (kagamitan) ay dapat madaling dalhin o portable at handang dalhin sa pag-alis sa kaganapan ng ebakuwasyon.**

- |  |   |
|--|---|
| <input type="checkbox"/> Tubig - isang galon ng tubig kada tao, kada araw, para sa hindi bababa sa tatlong araw (para mainom at sa paglilinis)                                   | <input type="checkbox"/> Mga thermal (mainit) na pang-emerhensiya na kumot  |
| <input type="checkbox"/> Hindi napapanis na pagkain - hindi bababa sa pang-tatlong araw na supply ng hindi napapanis, handang makain na pagkain at manwal na pambukas ng lata.   | <input type="checkbox"/> Kapote para sa bawat miyembro ng pamilya   |
| <input type="checkbox"/> Gumagana sa baterya o hand crank (pinipihit ng kamay) na radyo at NOAA Weather Radio na may alertong tungo at extra na mga baterya para sa dalawang ito | <input type="checkbox"/> Mga supply para sa personal na paglilinis (sipilyo, paste, sanitary napkins, sabon, tuwalya...)                              |
| <input type="checkbox"/> Flashlight at dagdag na mga baterya   | <input type="checkbox"/> Mga kopya ng mahahalagang dokumento, na nakalagay sa isang lalagyan/bag na hindi nababasa                                    |
| <input type="checkbox"/> First aid kit (pangunahing lunas na gamit)  | <input type="checkbox"/> Kopya ng iyong lisensya sa pagmamaneho at/o sertipiko ng kapanganakan  |
| <input type="checkbox"/> Emergency Contact Card (Kard ng Contact sa kaganapan ng Emergency)  | <input type="checkbox"/> Impormasyon ukol sa iyong account sa bangko  |
| <input type="checkbox"/> Multi-purpose tool (maraming gamit na kasangkapan)  | <input type="checkbox"/> Mga insurance (kaseguruhan) kard/mga numero ng polisa/impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa insurer                            |
| <input type="checkbox"/> Isang sipol para isenyas ang paghingi ng tulong   | <input type="checkbox"/> Pera/salapi (maaaring hindi gumana ang mga ATM, pero mainam ang pera na maliliit ang halaga)                                 |
| <input type="checkbox"/> Mga antiseptikong maliliit na towalya, mga basurahan na bag at plastik na pantali para sa personal na kalinisan   | <input type="checkbox"/> Dagdag na mga susi ng bahay  |
| <input type="checkbox"/> Dust mask (takip sa mukha mula sa alikabok), para makatulong na ma-sala ang na-kontamina na hangin  | <input type="checkbox"/> Mga iniresetang gamot (pitong araw na supply ang iminumungkahi)  |
| <input type="checkbox"/> Cellphone na may mga charger (pang-charge sa kotse ay inirekumenda sa kaganapan na mawalan ng kuryente)   | <input type="checkbox"/> Mga kasangkapan para sa alagang hayop (pagkain, tubig, kumot, mga gamot)   |
|  | <input type="checkbox"/> Mga supply para sa mga bata/sanggal (pangkulay na libro/krayola, mga diaper/wipes, formula (gatas), pagkain ng bata/sanggal) |

*\* Parating i-tsek muli ang mga expiration (katapusan) na petsa at gawing napapanahot ang iyong kit (kagamitan) sa paghahanda sa emerhensiya tuwing 6 na buwan. Gumamit ng mga daylight savings na petsa bilang paalala na i-tsek muli ang iyong kit (kagamitan).*

## Iba pang mga gamit na dapat mayroon sa iyong bahay at trabaho o paaralan

- |  |   |
|--|---|
| <input type="checkbox"/> Emergency Contact Card (Kard ng Contact sa kaganapan ng Emergency)  | <input type="checkbox"/> Pala para sa snow at asin para alisin ang snow at yelo mula sa mga daanan para sa iyong kaligtasan at kaligtasan rin ng iba                    |
| <input type="checkbox"/> Mga instruksyon at kagamitan kung paano isara ang gas, kuryente at tubig  | <input type="checkbox"/> Mga pantakip sa gripo na nasa labasan at/o insulasyon para balutin ang mga panlabas na gripo para protektahan ang mga ito na hindi magyelo     |
| <input type="checkbox"/> Plastic sheeting at duct tape para sa tirahang pansamantala   | <input type="checkbox"/> Pang-kamping na kalan at panggatong (para sa panlabas na gamit lamang)   |
| <input type="checkbox"/> Mga makakapal na kumot  | <input type="checkbox"/> Panggatong at hindi nababasa na posporo (para sa fireplace na ginagamitan ng kahoy o panlabas na gamit lamang)                                 |
| <input type="checkbox"/> Mga tarapal, tolda at lubid   | <input type="checkbox"/> Mga medikal na supply (hearing aids (tulong sa pandinig) at mga dagdag na baterya, mga salamin, contact lenses at solution, syringes, tungkod) |
| <input type="checkbox"/> Fire extinguisher (pampatay ng apoy)  | <input type="checkbox"/> Two-way na radyo at mga dagdag na baterya  |
| <input type="checkbox"/> Carbon monoxide na detektor   | <input type="checkbox"/> Mga lokal na mapa na may nauna nang natiyak na ruta para sa ebakuwasyon  |
| <input type="checkbox"/> Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga serbisyong pampubliko (gas, kuryente, at iba pa) na madaling makuha sa kaganapan ng mga bumagsak na linya ng kuryente, mga sumisingaw na gas o tubig baha | <input type="checkbox"/> Karagdagang bukod-tanging pangangailangan ng pamilya   |
| <input type="checkbox"/> Rake (kalaykay) para alisin ang mga bumagsak na dahon at dumi papalayo mula sa mga daluyan ng tubig mula sa bagyo para maiwasan ang pagbabaha ng kalye  | <input type="checkbox"/> Emergency Contact Card (Kard ng Contact sa kaganapan ng Emergency)   |
| <input type="checkbox"/> Kagamitan para sa paglilinis ng tubig   |   |

## Mga partikular na bagay na dapat isama sa iyong sasakyan

- |   |  |
|---|--|
| <input type="checkbox"/> Mga flare  | <input type="checkbox"/> Maliit na pala at mga tulong sa traksyon (buhangin, litter (kalat), mga kadena) kapag inaasahan ang nagyeyelo at snow |
| <input type="checkbox"/> Makakapal na damit at matitibay na sapatos panlakad                              | <input type="checkbox"/> Mga lokal na mapa na may nauna nang natiyak na ruta para sa ebakuwasyon   |
| <input type="checkbox"/> Mga makakapal na kumot   |  |
| <input type="checkbox"/> Mga kapote   |  |
| <input type="checkbox"/> Kit (kagamitan) sa paghahanda na may mga supply ng first aid (pangunahing lunas) |  |



# CHECKLIST SA KAGANAPAN NG EMERHENSIYA



## Lumikha at sundan ang plano para maangkop sa lagay ng panahon/panganib para sa iyong bahay o ari-arian para mapakaunti ang mga epekto ng bagyo

- Magsagawa ng mga taunang pagrerepaso sa insurance (kaseguruhan) ng iyong ari-arian upang maunawaan at matugunan ang mga pangangailangan sa coverage (sakop). Magtanong ukol sa insurance (kaseguruhan) sa baha o coverage (sakop) para sa paagusan o sewer (pag-agusan)/paagusan na pamalit.
- Magtapos ng isang detalyadong imbentaryo sa bahay ng iyong mga ari-arian at itabi ito sa isang ligtas na lugar na malayo sa bahay mo (tulad ng ligtas na kahon para sa deposito). Maaring i-download na form sa [TakeWinterByStorm.org](http://TakeWinterByStorm.org).

### Panlabas

- Tingnan ang iyong bubong para sa maluwig, kulang, luma o sira nang mga shingles para maiwasan ang paglipad ng mga duming labi at mabawasan ang kaganapan ng posibleng pagkapinsala sanhi ng tubig.
- Tiyakin na ang flashing ay mainam na nakakabit sa palibot ng mga vent(singawan) at chimney (pausukan).
- Linisin ang mga kanal at tiyakin na ang mga ito ay ayos ang pagkakatuwid at ligtas na nakakabit sa iyong bahay.
- Tingnan ang mga huwaran ng daluyan ng tubig bagyo sa mga matitirik na lugar malapit sa iyong bahay, at tandaan kung saan dumadaloy ang tubig. Tingnan ang mga bundukin sa palibot ng iyong tahanan para sa anumang hudyat ng paggalaw ng lupain, tulad ng maliit na pagguho ng lupa, mga pagbagsak ng maliit na bato o patuloy na tumatagilid na mga puno. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na geotechnical o istruktural na inhinyero para matiyak ang kalubhaan ng problema.
- Ayusin ang antas ng ari-arian para ang tubig ay dadaloy papalayo mula sa pundasyon at mga bagsakan ng tubig mula sa iyong bahay papunta sa sistema ng paagusan kapag may bagyo.
- Palitan ang pikpik (caulk) at nasira sanhi ng panahon na hindi na nakalapat.
- Linisin ang mga dahon mula sa mga paagusan para maiwasan ang pagbabaha sa mga kalye at ari-arian.
- Tingnan kung may maluluwig na hawakan ng hagdan (handrail), mga banister (barandilya) at takip ng hagdan. Ang mga nakabaluktot o may lamat na daanan ay dapat na ayusin.
- Linisin ang snow at yelo mula sa mga bangketa sa harapan ng iyong bahay para maiwasan ang mapanganib na mga pagbagsak (ito ay responsibilidad ng may-ari ng bahay/ari-arian).
- Huwag pahintulutan na maipon ang snow sa mga ibabaw ng mga gamit na maaaring masira o magiba.
- Pulutin ang mga dahon palayo sa tagiliran para makatulong na maiwasan ang pinsala sanhi ng insekto at tubig. Tanggalin ang dahon-dahon na nakakasagabal sa mga daan na nilalakaran.
- Lagyan ng wastong insulasyon ang mga nakalantad na tubo ng tubig at panlabas na gripo para protektahan ang mga ito mula sa pagyelo.

### Panloob

- Tingnan kung gumagana ang mga usok at carbon monoxide na detektor at baguhin ang mga baterya kung kinakailangan. Palitan ang mga yunit tuwing walong taon.
- Tingnan ang basement (silong) at crawl space kung may basa at may tumutulo. Ang naipong tubig ay maaaring isang hudyat ng hindi wastong paggana ng paagusan.
- Tingnan ang lahat ng mga bintana kung mainam na gumagana at kayang makandado.
- Subukan ang iyong sump pump bago ang simula ng panahon ng tag-ulan o taglamig. Ang mga gumagana sa baterya na pamalit na sump pump ay maaaring makatulong na protektahan laban sa kawalan ng kuryente ng pangunahing pump.

### Gumawa ng Plano ng Pakikipag-usap sa Pamilya

- Talakayin kasama ng iyong pamilya at/o mga kaibigan kung paano maghanda at makakatugon sa mga emergency na pinakamarahil na mangyari kung saan ka nakatira, nag-aaral, nagtatrabaho at naglalaro. Kilalanin ang mga responsibilidad ng bawat miyembro ng iyong sambayanan at sama-samang magplano para kumilos bilang isang grupo.
- Tukuyin ang isang wala sa lugar na kontak. Makalipas ang isang sakuna, maaaring mas maasahan ang mga long distance na linya ng telepono ay maaaring mas maaasahan kay sa mga lokal na linya. Tanungin sa isang kaibigan o kamag-anak na nakatira sa labas ng Washington state na maging iyong "family contact (kontak sa pamilya)". Pagkatapos ng isang sakuna, ang iyong family contact ay magiging punto ng komunikasyon para maipaalam ang impormasyon sa lahat ng mga miyembro ng pamilya. Ang iyong plano ay depende sa lahat ng may-alam ng numero ng telepono ng iyong contact.
- Kumpletuhin ang Plano sa Pakikipag-usap sa Pamilya at ilagay ang mga lugar na pinakamadalas na pinupuntahan o pinaroroonan ng iyong pamilya. Mag-download ng mga plano sa [TakeWinterByStorm.org](http://TakeWinterByStorm.org).
- I-programa ang lahat ng mga numero ng kontak sa kaganapan ng emerhensiya sa lahat ng iyong mga telepono, o magtabi ng isang listahan. Tiyakin na sabihin sa iyong pamilya at mga kaibigan na nilista mo sila bilang mga emerhensiya na kontak.
- Gumamit ng text messaging kung ang mga napuputol na network ay magiging dahilan ng hindi makatawag. Ang mga wireless na telepono ay hindi gagana kung walang kuryente. Ang corded (tinatawag din na land line) na mga telepono ay ang pinakamaasahan.
- Panatilihin mayroong kaalaman sa mga nangyayari. Manood ng mga lokal na channel para sa mahahalagang mga update (pagbabago) at kautusan. Magpunta sa [TakeWinterByStorm.org](http://TakeWinterByStorm.org) para sa mga link kung paano magparehistro para sa mga emerhensiya na sistema ng pag-alerto sa iyong lugar.

\* Ipaalam sa iyong pamilya at mga kaibigan ang tungkol sa [TakeWinterByStorm.org](http://TakeWinterByStorm.org). Itong nasa internet na mapagkukunan ng impormasyon at kagamitan para matuto ay dapat na masama sa iyong paghahanda sa emerhensiya at mga plano ng komunikasyon.